



## Protektahan ang Iyong Sarili mula sa Kanser sa Suso Malaman ang Mga Katunayan

### Ang Mga Pagsusuri para sa Kanser sa Suso ay Nakakaligtas ng Mga Buhay

#### ANG KANSER SA SUSO AY ANG PINAKA-KARANIWANG KANSER SA MGA BABAE SA CALIFORNIA

Ang mga pagsusuri ng kanser sa suso ay maaaring makita ang kanser bago magkaroon ng anumang sintomas ang isang tao. Mas maagang makikita ang kanser, mas madali itong magagamot. Maaaring makita ng mga doktor ang kanser sa suso nang maaga sa pamamagitan ng pagsasagawa ng isang mammogram.

Ang mammogram ay isang X-ray na litrato ng suso. Ang mga mammogram ay ang pinakamagandang paraan para maagang makita ang kanser sa suso at bago ito maging sapat na malaki para maramdaman o magdulot ng mga sintomas.

Maaari ring suriin ng iyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan ang mga suso para sa mga bukol at iba pang pagbabago sa panahon ng pisikal na pagsusuri.

Magkaroon ng kaalaman tungkol sa iyong mga suso. Alamin ang normal na hitsura at pakiramdam

ng iyong mga suso. Ipaalam sa iyong doktor kung makakakita o makakaramdam ka ng anumang pagbabago.

Makipag-usap sa iyong doktor tungkol sa kung kailan magsisimula ng pagsusuri ng kanser sa suso at kung gaano ka kadalas dapat magkaroon ng mammogram, lalo na kung mayroon kang nadagdang panganiib (hal., kasaysayan sa pamilya o personal na kasaysayan tungkol sa kanser sa suso o iba pang kanser).

#### Kabilang sa ilang babalang palatandaan at/o mga sintomas ng kanser sa suso ang:

- Nasasalat na laman, bukol o pamamaga sa suso o kili-kili;
- Mga pagbabago sa laki o hugis ng suso;
- Pagbabago sa hitsura at kulay ng balat (pagpasok, pagkulubot, pamumula, pamamalat ng balat, o pagkapal) ng suso o utong;

- Paglubog o pagpasok ng utong;
- May lumalabas sa utong; at/o
- Pananakit ng suso.

Pakitandaan na maaaring lumabas ang mga babalang palatandaan at/o mga sintomas na ito kasama ng mga kondisyon bukod pa sa kanser sa suso.

#### Maaari Kang Maging Kwalipikado para sa LIBRENG Pagsusuri ng Kanser sa Suso kung Ikaw ay:

- ✓ 40 taong gulang o mas matanda
- ✓ May mababang kita
- ✓ Walang insurance o limitado ang insurance
- ✓ Nakatira sa California

#### Tawagan Kami Ngayon!

Para makita kung kwalipikado ka para sa Programang Mahalaga ang Bawat Babae Every Woman Counts Program, tumawag sa **1-800-511-2300**.

Para sa higit pang impormasyon, [dhcs.ca.gov/EWC](http://dhcs.ca.gov/EWC)